# REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
## KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-10**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA PAGPASOK SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA DEPARTMENT OF HEALTH HINGGIL SA PAGBABAYAD NG SALARY DIFFERENTIAL AT BONUS NG ANIM (6) NA MANGGAGAMOT NA NAILIPAT (DEVOLVED) MULA SA NABANGGIT NA KAGAWARAN TUNGO SA PAMAHALAANG LUNGSOD.**

*************************************************************************************

Ipinanukala : LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa bisa ng probisyon ng **Republic Act 7160** ukol sa desentralisasyon ng kapangyarihan at gawain ng pamahalaang nasyonal tungo sa lokal na yunit, isang kasunduan ang pinagtibay ng lahat ng pinuno ng lokal na pamahalaan ukol dito;

**SAPAGKAT,** isa sa nailipat na responsibilidad ay ang pangkalusugan na gawain ng Kagawaran ng Kalusugan;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay mayroong anim na manggagamot na nailipat sa Pamahalaang Lungsod at ito ay sina **DRA. MAGDALENA MEANA, DR. ROGELIO SAN JUAN, DRA. AZUCENA VELASCO, DR. REGIDOR CALILUNG, DRA. MA. TERESA TULIAO at DRA. MERLINDA MONTANEZ;**

**SAPAGKAT,** dahil sa debolusyon ay naipagkait sa mga nabanggit na manggagamot ang benepisyong nararapat na ipagkaloob sa kanila alinsunod sa itinatakda ng**MAGNA CARTA** of Public Health Workers at ng Salary Standardization Law;

**SAPAGKAT,** upang ang benepisyong hindi natanggap ng mga nabanggit na mga manggagamot mula **Hulyo hanggang Disyembre 1992** ay maipagkaloob sa kanila ay kinakailangan na magkaroon ng kasunduan sa pagitan ng **Pamahalaang Lungsod** at ng **Kagawaran ng Kalusugan;**

**SAPAGKAT,** ang Punonglungsod ay kailangan na mabigyan ng kapangyarihan ng **Sangguniang Panglungsod** bago pumasok sa anumang kasunduan;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, **KGG. IGNACIO R. BUNYE** na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa isang Memorandum of Agreement sa Department of Health sa pagbabayad ng **salary differential at bonus** ng anim na manggagamot na nailipat sa Pamahalaang Lungsod mula sa nabanggit na kagawaran.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 10 ng Pebrero 1997 sa ginanap na **ika-70** Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-25
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungssod

Petsa: 2/19/97